# Ang Pag-aasawa na Hinahanap Mo

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang una mong napapansin sa kasalungat mo ng kasarian? Bakit ito ang una among napapansin?
- Kapag naririnig mo ang salitang “awtoridad,” ano ang pumapasok sa isipan mo? Bakit mo ito naiisip?
- Sinu-sino ang mga huwaran mo pagdating sa pag-aasawa? Bakit mo sila gustong tularan?

**WORD**

*[31]Sinasabi sa Kasulatan, "Iiwan ng lalaki ang mga magulang niya at magsasama sila ng kanyang asawa, at silang dalawa'y magiging isa." [32]Kamangha-mangha itong malalim na katotohanan na ipinahayag ng Diyos.* **MGA TAGA-EFESO 5:31,32**

---

Sa panahon ngayon, may malaking pagkakaiba sa pagitan ng sinasabi ng Bibliya at ng pananaw ng kultura tungkol sa pag-aasawa, lalo na sa mga tungkulin ng bawat isa sa mag-asawa. Sa isang lipunan na may mataas na pagpapahalaga sa pagtatalo na kung sino ang mas may karapatan, ang bawat isa ay tumitingin sa kanilang mga personal na kapakanan. Subalit ipinapakita sa Bibliya na ang tungkulin ng bawat isa sa pag-aasawa ay isang pagkakataon upang makapagsilbi at mapagpahalagahan ang bawat isa. Binigyan ng Diyos ang mag-asawa ng mga papel na dapat gampanan na pupuno sa kakulangan ng bawat isa. Tingnan natin ang tatlong katotohanan na makatutulong sa atin na magkaroon ng pananaw sa pag-aasawa na ayon sa Bibliya.

## 1 Pagkapanginoon

*[21]Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo. [22]Mga babae, magpasakop kayo sa inyong asawa gaya nang pagpapasakop ninyo sa Panginoon. [23]Sapagkat ang lalaki ang siyang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na ulo ng iglesya na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito.*
**MGA TAGA-EFESO 5:21-23**

Ang pag-aasawa ay plano ng Diyos na ayon sa Kanyang pag-ibig sa iglesya. Sa relasyong ito, ang mag-asawa ay parehong nasa ilalim ng autoridad ni Cristo, ang ulo ng iglesya. Sinasabi sa Bibliya na, *Itinatag ng Panginoon ang kanyang trono sa kalangitan, at siya'y naghahari sa lahat* (Mga Salmo 103:19). Sa huli, ang mag-asawa ay dapat na magpasakop sa autoridad at pamamahala ng Diyos sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay, bilang pagsamba kay Cristo. Ano ang ibig sabihin ng pagsamba kanino man? Paano mo ipinapakita ang pagsamba mo kay Cristo?

..........

..........

## 2 Pamumuno

*[24]Kaya kung paanong nagpapasakop ang iglesya kay Cristo, dapat ding magpasakop ang mga babae sa asawa nila sa lahat ng bagay. [25]Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa, tulad ng pagmamahal ni Cristo sa kanyang iglesya. Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya.*
**MGA TAGA-EFESO 5:24,25**

Sinasabi sa Bibliya na ang lalaki ay dapat na mamuno at ang babae ay dapat na magpasakop sa kanyang pamumuno. Ang pamumunong ito ay hindi ayon sa sistema ng awtoridad ng mga tao, kundi ng paraan ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. *Inihandog niya ang kanyang sarili para sa iglesya. . . para maiharap niya sa kanyang sarili ang iglesya na maluwalhati, banal, walang kapintasan, at walang anumang bahid o dungis* (Mga Taga-Efeso 5:25-27). Inaalagaan at minamahal ni Cristo ang iglesya. Ipinapakita nito sa atin na ang pamumuno sa pag-aasawa ay hindi tungkol sa pagpapasupil kundi tungkol sa pagmamahal at pagpapatatag ng isa’t-isa. Inilalabas nito ang kagalingang taglay ng bawat isa. Ano ang sinasabi ng Bilbiya tungkol sa pagpapatatag sa isa’t-isa? (1 Tesalonica 5:11)

## 3 Pagmamahal

*Kaya kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili. At kayong mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa.* **MGA TAGA-EFESO 5:33**

Ang nagtutugmaang mga tungkulin ng mag-asawa ay hindi nakaaapekto sa kanilang kahalagahan. Walang mas mahalaga sa isa. Ito ay mga pamamaraan na ibinigay ng Diyos upang pagsilbihan ang isa’t-isa nang may pagmamahal, bilang pakiki-ayon sa Kanya sa pagtatatag Niya ng iglesya at ng ating mga pamilya. Ang pagsunod sa plano ng Diyos ay nangangahulugan na ang mag-asawa ay mabibigyan ng mga pagkakataon na patatagin ang bawat isa, pagyamanin ang paggalang sa isa’t-isa bunga ng kanilang pagmamahalan. Ano ang iniutos sa atin ng Diyos? (1 Juan 4:7)

## APPLICATION

- Nagpapasakop ka ba sa Diyos at sumusunod sa Kanyang plano sa buhay mo? Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangang sumuko sa Kanyang Pagkapanginoon?
- Naniniwala ka ba na pinangangalagaan at minamahal tayo ni Cristo? Sa paanong paraan mo ito nakikita sa buhay mo?
- Paano mo mapalalakas ang loob ng isang tao ngayong linggo? Ano ang maaari mong sabihin para palakasin ang kanyang loob?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kadakilaan at pamamahala sa ating mga buhay, buhay may-asawa, at pamilya. Ipanalangin na lagi tayong magpapasailalim sa Kanyang Pagkapanginoon.
- Ipanalangin na lagi kang titingin sa ikabubuti ng iba (Mga Taga-Filipos 2:4), at laging maging handang maglingkod at magmahal ng walang pagkamakasarili. Ipanalanging magawa mong maging sinuman ang nais ng Diyos na maging ikaw.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng pagkakataon na maipangaral ang pag-ibig ng Diyos sa isang tao ngayong linggo.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph